REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS**
**DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS**
UL Complex, Meralco Avenue
Pasig, Metro Manila

**TANGGAPAN NG KALIHIM**
(OFFICE OF THE SECRETARY)

Marso 3, 1998

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
**Blg. 80, s. 1998**

PANDAIGDIGANG KOMPERENSYA SA PAGLINANG AT PAGTUTURO NG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Puno ng Kagawaran ng Filipino

1. Kaugnay ng pagdiriwang ng sentenyal ng kalayaan ng Pilipinas, ang Komisyon sa Wikang Filipino at ang Pamantasang Normal ng Pilipinas sa pakikipagtulungan ng Consortium for the Advancement of Filipino ng Amerika, ay magtataguyod ng isang Pandaigdigang Komperensya sa Paglinang at Pagtuturo ng Filipino sa Disyembre 15-17, 1998 na idaraos sa Traders Hotel, 3001 Roxas Boulevard St., Lungsod ng Pasay.

2. Ang tema ng komperensya ay " Edukasyong Pangwika at Pagtuturo sa Filipino: Tungo sa Pagbuo ng Teoryang Pilipino sa Paglinang ng Filipino."

3. Pagkatapos ng seminar, inaasahang

a. maitataas sa kamalayan ng mga kalahok ang kahalagahan ng Wikang Filipino bilang pandaigdigang daluyan ng impormasyon;
b. magbibigay ng pagkakataon para maibahagi ang mga karanasan at pananaliksik sa pagkatuto at pagtuturo ng Filipino at ang implikasyon nito sa praktis na isinasagawa sa iba't ibang bansa;
c. matatalakay ang mahahalagang isyu at pangangailangan kaugnay ng pagtuturo ng Filipino bilang wika at makabubuo ng mga hakbang tungo sa resolusyon ng natukoy na mga isyu; at
d. makabubuo ng balangkas ng matatawag na teoryang Pilipino sa paglinang at pagtuturo ng Filipino.

4. Ang dapat dumalo sa komperensyang ito ay ang mga panrehyon / pansangay/ pandistrito na superbisor sa Filipino at iba pang asignatura na ang ginagamit na midyum sa pagtuturo ay Filipino, puno / tagapag-ugnay ng Filipino o sinumang

hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya at sekundarya, pribado at pampamahalaan man, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon at mga guro/ instruktor/ propesor ng wika.

5. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim ng kaukulang pagtutuos at pag-aawdit ang ibabayad na Apat na Libong Piso (P4,000.00) ng bawat kinatawan para sa pagkain (3 meryenda at 3 tanghalian), handout, honorarya ng mga espiker at iba pang gastos kaugnay ng komperensya. Manggagaling din sa pondong lokal ang halagang magugugol sa transportasyon papunta sa lugar ng komperensya at pabalik sa sariling tanggapan / paaralan/ kolehyo o unibersidad.

6. Ang sinumang interesadong bumasa ng papel sa komperensya ay mangyaring magpadala sa koreo o mag-fax ng pamagat at abstrakt ng inyong papel. Ang mga pangkalahatang paksang tatalakayin sa komperensya ay ang sumusunod:

* Mga Batas at Patakarang Pangwika
* Mga Saliksik na Pangwika
* Pagpaplanong Pangwika sa Pilipinas
* Pagsasalin
* Metodo ng Pagtuturo ng/sa Filipino

Haba ng abstrakt: Di lalampas sa 250 salita
Huling araw ng pagpapadala ng abstrakt: Setyembre 15,1998
Ipaaabot sa pamamagitan ng koreo ang mga awtor ng mapipiling abstrakt nang di lalampas sa Oktubre 15, 1998.

7. Magpareserba nang maaga sa pamamagitan ng koreo o telepono upang makatiyak ng inyong **slot** sa komperensya. Kalakip din nito ang Reserbasyon ng Pagdalo at ipadala kaninuman kina:

Aurora E. Batnag
c/o Sheilee S. Boras
Komisyon ng Wikang Filipino
Watson Bldg., Malacanang Complex
1610 J.P. Laurel St.
San Miguel, Manila
Tel. No. 743-55-46/47
FAX No. 736-03-15
e- mail: aurora (a)i-manila,com.ph

Dr. Clemencia C. Espiritu
c/o Pina Malinis
Language Study Center
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Taft Avenue, Manila
Tel. No. 527-03-665

8. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ERLINDA C. PEFIANCO
Kalihim

Kalakip:

Gaya ng nasasaad

Sanggunian:

W a l a

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa
ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS
CONFERENCES

Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg [illegible]

# RESERBASYON NG PAGDALO

Para sa reserbasyon ng pagdalo:

_______________________ Dadalo

_______________________ Hindi dadalo

Mga Pangalan ng dadalo:

_______________________

_______________________

_______________________

Pangalan at adres ng paaralan/tanggapan

_______________________

_______________________

_______________________